
# Pagkabuhay na Mag-uli

Basahin ang Alma 40:2–5, 23–24 para malaman ang itinuro ni Alma kay Corianton. Pagkatapos ay gamitin ang sumusunod na resources para matulungan kang ihanda pa ang ituturo mo.

Alma 11:42–45

Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagkabuhay na Mag-uli," scriptures.ChurchofJesusChrist.org

Itinuro ni Pangulong Dallin H. Oaks ng Unang Panguluhan:



Ipinagdiriwang natin ang katotohanan ng Pagkabuhay na Mag-uli sa Paskong ito ng Pagkabuhay. Nagdudulot ito sa atin ng pananaw at lakas na pagtiisan ang mga pagsubok sa buhay na kinakaharap ng bawat isa sa atin at ng mga mahal natin, tulad ng mga kakulangan sa pisikal, mental, o emosyonal na taglay na natin mula sa pagsilang o nararanasan habang nabubuhay tayo sa mundo. Dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli, batid natin na pansamantala lamang ang mga kakulangang ito! (Dallin H. Oaks, "Ang Dakilang Plano," *Liahona*, Mayo 2020, 94–95)

Ihanda kung paano mo ipapaliwanag ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong:

- Ano ang pagkabuhay na mag-uli? Sino ang mabubuhay na mag-uli?
- Ayon sa Alma 40:2–3, paano naging posible ang Pagkabuhay na Mag-uli?
- Paano tayo mapagpapala ng ating kaalaman tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli sa ating mortal na buhay?

Kapag nagtuturo, tiyaking linawin na dahil si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli, lahat tayo ay mabubuhay na mag-uli. Magbahagi ng isang dahilan kung bakit nagpapasalamat ka sa pangako ng pagkabuhay na mag-uli.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.
PD60013873_893_321-teacher_handout-2